



## KODIGO NG PAGKILOS PARA SA TAGATANGKILIK NG AKLATAN

### LAYUNIN

Inaanyayahan ng Pamublikong Aklatan ng Anchorage ang bawat miyembro ng komunidad na gamitin at masiyahan sa ating mga aklatan. Upang matiyak na ang lahat ng bumibisita ay may ligtas at kasiya-siyang karanasan, mayroon kaming mga sumusunod na inaasahan.

### Ang lahat ng gumagamit ng mga serbisyo ng Aklatan ay nararapat na:

- Gamitin ang mga mapagkukunan at serbisyo ng Aklatan nang walang diskriminasyon
- Makatanggap ng magiliw at may paggalang na serbisyo
- Asahan ang libre at pantay na access sa impormasyon
- Masiyahan sa malinis at ligtas na kapaligiran
- Gamitin sa tamang paraan ang aklatan at ang mga mapagkukunan nito nang walang hadlang

### PATAKARAN

Ang lahat ng tagatangkilik ng aklatan ay inaasahang sumunod sa Kodigo ng Pagkilos para sa mga Pumupunta sa Aklatan. Naaangkop ito sa bawat lokasyon sa bawat lugar kung saan nagkaloob ng serbisyo ang Aklatan: sa ari-arian ng Aklatan, sa mga kaganapang may pakikipag-ugnayan, at sa pamamagitan ng mga komunikasyon (website, social media, telepono, chat, at email). Ang mga magulang, tagapag-alaga, at babysitter ay responsable para sa personal na kaligtasan at pagkilos ng kanilang inaalagaang bata. Ang mga tagapagkaloob ng pangangalaga ay responsable sa mga dumedependeng nasa hustong gulang na nasa kanilang pangangalaga.

### Ang mga tagatangkilik ng aklatan ay inaasahang:

- Maging ligtas
- Maging magalang ang ibang mga tagatangkilik at tauhan ng Aklatan
- Maging magalang sa pag-aari ng Aklatan
- Sundin ang mga tagubilin ibinibigay ng mga tauhan ng Aklatan
- Sumunod sa batas

### Ang Kodigo ng mga Gawi ng Pagkilos ay nahahati sa apat na kategorya:

Kategorya	Paglalarawan	Kahihinatnan
A	Ginagambala ang kakayahan ng ibang mga tagatangkilik na gamitin ang Aklatan at kakayahan ng mga tauhang paglingkuran ang mga tagatangkilik	Hindi pahihintulatang gamitin ang Aklatan ng isang araw
B	Malulubhang paglabag na partikular sa Aklatan	Hindi pahihintulatang gamitin ang Aklatan ng isang linggo
C	Mga paglabag sa mga tao o pag-aari	Hindi pahihintulatang gamitin ang Aklatan ng isang buwan
D	Malulubhang paglabag sa mga tao at pag-aari	Hindi pahihintulatang gamitin ang Aklatan ng dalawang taon

*Tingnan ang mga paglalarawan sa Kategorya para sa mga halimbawang paglabag.*

Pakikiharapan ng mga tauhan ng Aklatan ang mga tagatangkilik na lumalabag sa Kodigo ng Pagkilos na ito. Ang hindi pagsunod sa patakaran ng APL at mga tagubilin ng mga tauhan ay maaaring magresulta sa restriksyon sa mga pribilehiyo sa Aklatan, agarang pagpapaalis sa mga bakuran, at hindi pagpapatuloy sa Aklatan ng isang araw hanggang dalawang taon, o sa pagkakaaresto o prosekyusyon para sa mga paglabag sa batas-kriminal. Ang mga restriksyon ay naaangkop sa lahat ng aklatan sa loob ng aming sistema.

Ang mga tagatangkilik na nabigyan ng restriksyon sa kanilang mga pribilehiyo ay dapat makipag-ugnay sa Library Community Resource team (pangkat ng Mapagkukunan ng Aklatan para sa Komunidad) upang talakayin ang paglabag at ang mga inaasahan sa hinaharap bago bumalik para gamitin ang Aklatan. Hihilingin din sa kanilang pumirma ng kasunduang sumunod sa Kodigo ng Pagkilos.

Ang mga indibidwal na may mga kapansanan ay maaaring humiling ng makatwirang tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa (907) 343-2975 o pag-email sa [askalibrarian@anchorageak.gov](mailto:askalibrarian@anchorageak.gov). Kung kukwestyunin ng customer ang hindi pinahihintulatang pagpasok, dapat nilang iapela ang aksyon sa pamamagitan ng pagsulat sa Direktor ng Aklatan. Magbibigay ng nakasulat na tugon ang Direktor ng Aklatan sa loob ng 14 na araw. Ang nakasulat na pasya ng Direktor ng Aklatan ay maaaring iapela sa Library Advisory Board (Lupon ng Pagpapayo ng Aklatan) sa susunod na pagpupulong ng Library Advisory Board pagkatapos ng nakasulat na tugon ng Direktor. Tutugon sa nakasulat na apela sa loob ng 14 na araw ang Tagapangulo ng Library Advisory Board. Maaaring mapahintulatang makipag-ugnay ang mga tagatangkilik sa Direktor ng Aklatan at sa Tagapangulo ng Library Advisory Board sa pamamagitan ng pagtawag sa (907) 343-2975 o pag-email sa [askalibrarian@anchorageak.gov](mailto:askalibrarian@anchorageak.gov)

### **Kategorya A: (Ginagambala ang kakayahan ng ibang mga tagatangkilik na gamitin ang Aklatan at kakayahan ng mga tauhang maglingkod)**

- Hindi pagsunod sa mga lokal o pang-estadong pang-emerhensyang utos sa pampublikong kalusugan noong ipinatupad, hal., pagsusuot ng mask, pakikipagdistansya sa iba, at kapasidad.
- Maingay na nakakagambalang pag-uugali.
- Hindi nababantayang mga gamit, o mga gamit na nakakagambala sa kakayahan ng ibang tagatangkilik na gamitin ang Aklatan at kakayahan ng mga tauhang maglingkod, hinaharang ang mga labasan o nilalabag ang kodigo para sa sunog.
- Dinadala ang mga bisikleta, shopping card, o iba pang malalaking de-gulong na kagamitan sa loob ng mga gusali ng Aklatan. Ang mga wheelchair, stroller, at aparato sa para makagalaw ay pinahihintulutan lamang kung ginagamit bilang transpormasyon para sa, o bilang aparato para makagalaw ng, isang nasa hustong gulang o bata. Ang mga skate, skateboard, matutuping scooter, hover board, at iba pang mga katulad na aparato ay dapat bitbit habang nasa ari-arian ng Aklatan. Dapat itabi ang mga bisikleta sa mga itinalagang lagayan ng bisikleta.
- Pagpasok sa aklatan nang walang suot na sapatos at mga damit na natatakpan ang itaas na bahagi ng kanilang mga katawan. Hindi maaaring hubarin ng mga tagatangkilik ang mga sapatos o damit na natatakpan ang itaas na bahagi ng kanilang katawan habang nasa Aklatan.
- Pagdadala ng anumang hayop sa mga pasilidad ng Aklatan, maliban kung para sa mga nagseserbisyong hayop na mag-isang sinanay na gawin ang gawain o gampanan ang mga gawain para sa indibidwal na may kapansanan bilang pagsunod sa mga regulasyon ng ADA (Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan). Ang mga hayop na bahagi ng programa ng Aklatan ay maaaring mapahintulutan sa mga pasilidad ng Aklatan na may pahintulot ng tauhan ng Aklatan.
- Ang mga batang wala pang 8 taong gulang ay hindi maaaring mamalagi sa Aklatan maliban kung aktibong binabantayan ng isang responsableng taong nasa edad na 14 o mas matanda pa. Ang mga batang nasa pagitan ng edad na 8 at 13 ay maaaring mamalagi sa Aklatan nang hindi binabantayan kung kaya nilang maunawaan at sumunod sa kodigo ng pagkilos para sa tagatangkilik at mga tagubilin ng mga tauhan ng Aklatan. Ang mga kabataang nasa edad na 14 na taon at pataas ay maaaring mamalagi sa Aklatan nang hindi binabantayan o kumilos bilang tagabantay sa mas maliliit na bata kung kaya nilang maunawaan at sumunod sa kodigo ng pagkilos ng Aklatan, mga tagubilin ng mga tauhan ng Aklatan, at tiyaking sumusunod din ang maliliit na bata.

- Hindi tamang pagbabantay sa mga dumedependeng nasa hustong gulang na nasa pangangalaga.
- Pagkain, pag-inom, o pag-display ng bukas na lalagyan ng pagkain o likido sa mga pasilidad ng Aklatan sa labas ng itinalagang lugar para magmeryenda.
- Pagtulog (o mukhang pagtulog) na nakakahadlang sa ibang gamitin ang mga espasyo o mapagkukunan ng Aklatan.
- Hindi naaangkop na paggamit sa mga bakuran ng Aklatan kabilang ang pagkakalat, paglipat ng muwebles nang walang pahintulot ng tauhan, panghihingi o pamamahagi ng mga materyales nang walang pag-apruba ng tauhan.
- Paninigarilyo, vaping, pagnguya, o iba pang paggamit ng tabako o cannabis sa ari-arian ng Aklatan.
- Maamoy o hindi malinis na pangangatawan o iba pang personal na amoy na hindi makatwirang nakakagambala sa kakayahan ng ibang gamitin ang Aklatan o kakayahan ng tauhang maglingkod.
- Paglabag sa mga tuntunin sa patakaran sa *APL Computer and Internet Use (Paggamit ng Computer at Internet ng APL)*.
- Pagkakaroon, paggamit, o pagiging nasa impluwensya ng alkohol o kontroladong substansya.
- Paggamit ng mga banyo o iba pang mga pasilidad ng Aklatan para maligo, mag-shampoo, o maglaba.

### **Kategorya B (Malulubhang Paglabag na Partikular sa Aklatan)**

- Pasalita o pisikal na panghahas sa ibang mga tagatangkilik, boluntaryo, o tauhan. Gaya ng panunuya, paggamit ng mga kalaswaan, paggamit ng salitang nanliliit, nanghahamak, o nag-aatake sa lahi, pagtuktok nang malakas sa muwebles, paninigaw para manakot, pagsubsob o panunulak sa isang taong nasa dinadaan.
- Pagpasok sa pasilidad o mga bakuran ng Aklatan sa panahong hindi pinahihintulutan.

### **Kategorya C (Paglabag sa (mga) Tao o Pag-aari)**

- Pagsira o pagnanakaw sa personal na pag-aari o pag-aari ng Aklatan na may halagang mababa sa \$250.
- Anumang pag-uugaling maituturing na misdemeanor (maliit na pagkakasala) sa ilalim ng naaangkop na batas.

### **Kategorya D (Malubhang Paglabag sa (mga) Tao o Pag-aari)**

- Pagdadala, pananakot, pagpapakita, pag-display, pagtutok ng armas o mapanganib na armas bilang paglabag sa batas.
- Sekswal na panghahas sa mga tagatangkilik, boluntaryo, o tauhan. Gaya ng paulit-ulit na: komentong sekswal o nagtatratong parang bagay, sekswal na pasaring, hindi ninanais na pananamantala, pagpapahayag ng malalaswang pahayag, o pagtatangkang kumuha ng personal na impormasyon.
- Pananakot sa mga tagatangkilik, boluntaryo, o tauhan: pasalita, pisikal, sa paraang nakasulat, o nakikita (kabilang ang lahat ng uri ng elektronikong media). Gaya ng, ngunit hindi limitado sa: mga banta ng karahasan laban sa mga tao o pag-aari na nagsasabing “lagot sila”, “may araw rin sila”, “kapag nakita kita sa labas”, o higit pang mga tukoy na bantay.
- Pagsira o pagnanakaw sa personal na pag-aari o pag-aari ng Aklatan sa mga pasilidad o mga bakuran na may halagang mahigit sa \$250.
- Pagpasok nang hindi pinahihintulutan sa pamamagitan ng pamamalagi sa mga pampublikong espasyo ng Aklatan sa labas ng mga oras ng tanggapan ng Aklatan, pamamalagi sa mga hindi pampublikong lugar, o pagtanggap umalis sa ari-arian ng Aklatan pagkatapos mabigyan ng Notice of Trespass (Abiso sa Pagpasok nang Hindi Pinahihintulutan).
- Masamang paghipo o malalaswang pagkilos, gaya ng, ngunit hindi limitado sa: pagpapakita ng ari o pornograpiya.
- Pagbebenta o pamamahagi ng mga kontroladong substansya o pakikibahagi sa anumang pagkakasala sa ilalim ng naaangkop na batas.

**Inirerekomenda para maaprubahan: Mary Jo Torgeson, Direktor ng Aklatan**

**Inaprubahan ng: Library Advisory Board, Abril 21, 2021**